# 24 NA ORAS/30 ARAW
# PANDAIGDIGANG PANALANGIN


| | | |
|---|---|---|
| UNANG ARAW | IKA-11 ARAW | IKA-21 ARAW |
| IKA-2 ARAW | IKA-12 ARAW | IKA-22 ARAW |
| IKA-3 ARAW | IKA-13 ARAW | IKA-23 ARAW |
| IKA-4 NA ARAW | IKA-14 NA ARAW | IKA-24 NA ARAW |
| IKA-5 NA ARAW | IKA-15 ARAW | IKA-25 ARAW |
| IKA-6 NA ARAW | IKA-16 NA ARAW | IKA-26 NA ARAW |
| IKA-7 ARAW | IKA-17 ARAW | IKA-27 ARAW |
| IKA-8 ARAW | IKA-18 ARAW | IKA-28 ARAW |
| IKA-9 NA ARAW | IKA-19 NA ARAW | IKA-29 NA ARAW |
| IKA-10 ARAW | IKA-20 ARAW | IKA-30 ARAW |


*Ang mga bersikulo sa Bagong Tipan ay nagmula sa Tagalog Recovery Version na may bagong edisyon at ang mga bersikulo sa Lumang Tipan ay sa Ang Biblia 2001.*

# UNANG ARAW: PANALANGIN ALINSUNOD SA MATEO 6

MAT. 6:9–10; APOC. 11:15

Ipanalangin na mapabanal ang pangalan ng Ama (Mat. 6:9b), na dumating ang Kanyang kaharian (Mat. 6:10a; Apoc. 11:15); at mangyari ang Kanyang kalooban sa lupa (Mat. 6:10b).

**Mat. 6:9-10**—Manalangin nga kayo sa ganitong paraan: Ama namin na nasa kalangitan, pakabanalin ang Iyong pangalan; dumating ang Iyong kaharian; mangyari ang Iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din sa lupa.

**Apoc. 11:15**—At nagtrumpeta ang ikapitong anghel; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man.

---

## Ministeryo: Isang Wastong Buhay-Panalangin para sa isang Wastong Buhay-Ekklesia

Kung hihipuin natin ang espiritu ni Pablo sa 1 Timoteo 2:1-7, madarama natin ang kanyang

Balik sa Unang Pahina

kabigatan na yaong mga nangunguna sa buhay-ekklesia ay dapat magkaroon ng isang buhay-panalangin. Tila ba sinasabi ni Pablo kay Timoteo sa mga bersikulong ito, "Ipinakita ko sa iyo ang isang malinaw na larawan ng ekonomiya ng Diyos at kung paanong ito ay laban sa ibang pagtuturo. Binanggit ko rin sa iyo na, sa Kanyang awa, ako ay ginawa ng Panginoon na huwaran ng Kanyang ekonomiya. Taimtim din kitang inatasan na makipagdigma ng mabuting pakikipagdigma para sa ekonomiya ng Diyos. Ngayon, sa kailaliman ng aking espiritu ay naroon ang kabigatang hikayatin kang manalangin. Naghihikayat ako na gawin ang mga pananaing, mga pananalangin, mga pamamagitan, mga pasasalamat para sa lahat ng tao. Huwag mong isipin na nauuna ang pagtuturo sa panalangin. Hindi, dapat na mauna ang panalangin, at ikalawa ang pagtuturo." *(Life-study of 1 Timothy, p.27)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-2 ARAW: PANALANGIN PARA SA BAGONG TAO AT SA KASINTAHANG BABAE

EFE. 1:9–10, 23; 4:13, 16; 5:27; APOC. 19:7

Ipanalangin na matupad ang mabuting kaluguran ng Diyos, maisakatuparan ang Kanyang layunin, at maisagawa ang Kanyang ekonomiya (Efe. 1:9-10) upang mataglay Niya ang ekklesia bilang naitayong Katawan ni Kristo at isang ganap na lumagong bagong tao upang ihayag Siya (b. 23; 4:13, 16), at bilang naihandang kasintahang babae ni Kristo upang magbigay-kasiyahan sa Kanya sa loob ng pag-ibig (5:27; Apoc. 19:7).

**Efe. 1:9-10**—Na ipinakilala Niya sa atin ang hiwaga ng Kanyang kalooban ayon sa Kanyang mabuting kaluguran, na nilayon Niya sa Kanyang sarili, tungo sa ekonomiya ng kapuspusan ng mga panahon, upang ipasailalim sa isang ulo ang lahat ng bagay kay Kristo, ang mga bagay na nasa kalangitan at ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa, sa Kanya.

Balik sa Unang Pahina

**Efe. 1:23**—Na siyang Katawan Niya, ang kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat.

**Efe. 4:13**—Hanggang sa makarating tayong lahat sa kaisahan ng pananampalataya at ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos, sa ganap na paglago ng tao, sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo.

**Efe. 4:16**—Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinag-uugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasu-kasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan tungo sa ikatatayo ng sarili nito sa pag-ibig.

**Efe. 5:27**—Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi upang siya ay maging banal at walang kapintasan.

**Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at inihanda na ng Kanyang asawa ang kanyang sarili.

---

[Balik sa Unang Pahina]

## Ministeryo: **Isang Maluwalhating Pamamagitan**

Ang unang malinaw na pagbanggit ng pamamagitan sa Biblia ay nasa Genesis 18, kung saan nakikita nating si Abraham ang unang tagapamagitan...Sa [kapitulong ito], hindi lamang tayo may isang kuwento ng pamamagitan kundi isang malinaw na pahayag ng mga pangunahing prinsipyo ng pamamagitan. Isang dakilang bagay ang pamamagitan sa Biblia. Kung wala ito, hindi maisasakatuparan ang ekonomiya ng Diyos. Ang ekselenteng ministeryo ni Kristo ngayon bilang ating makahari at dibinong Mataas na Saserdote ay isang ministeryo ng pamamagitan. Parehong sinasabi sa atin ng Roma 8:34 at Hebreo 7:25 na si Kristo ay namamagitan para sa atin. Yamang napakahalaga ng bagay na ito ng pamamagitan, dapat tayong maglaan ng isang buong mensahe para dito, na isinasaalang-alang higit sa lahat ang mga pangunahing prinsipyo ng pamamagitan. *(Life-study of Genesis, p. 677)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-3 ARAW: PANALANGIN PARA SA MGA PANGYAYARI SA MUNDO

DAN. 4:17; APOC. 1:5; KAW. 21:1; DAN. 2:21

Ipanalangin na ang Diyos sa loob ni Kristo ay mamuno sa lahat ng mga pangyayari sa mundo (Dan. 4:17; Apoc. 1:5), ibaling ang puso ng mga hari upang gawin ang Kanyang kalooban (Kaw. 21:1), at magbangon at magtanggal ng mga pinuno ayon sa nakikita Niyang nararapat (Dan. 2:21).

**Dan. 4:17**—Ang hatol na ito ay sa pamamagitan ng utos ng mga bantay, ang pasiya ay sa pamamagitan ng salita ng mga banal; upang malaman ng mga may buhay na ang Kataas-taasan ay namumuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay Niya ito sa kaninumang Kanyang naisin, at pinamumuno Niya rito ang pinakamababa sa mga tao.

**Apoc. 1:5**—At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

Balik sa Unang Pahina

**Kaw. 21:1**—Ang puso ng hari ay nasa kamay [ni Jehovah] na parang batis ng tubig; ibinabaling Niya ito saanman niya ibig.
**Dan. 2:21**—Siya ang nagbabago ng mga panahon at mga kapanahunan; Siya'y nag-aalis ng mga hari, at naglalagay ng mga hari; Siya'y nagbibigay ng karunungan sa marunong at ng kaalaman sa may pang-unawa.

---

**Ministeryo: Pamamagitan para sa Bayan ng Diyos at ayon sa Puso ng Diyos**

Sa prinsipyo, ang pamamagitan ni Abraham para kay Lot ay katulad ng pamamagitan sa ekklesia sa Bagong Tipan. Sa panahon ni Abraham, ang bayan ng Diyos sa lupa ay binubuo ng dalawang pamilya, ang mga pamilya ni Abraham at ni Lot. Ang isang bahagi ng bayan ng Diyos, ang pamilya ni Lot, ay natangay tungo sa masamang lunsod ng Sodoma. Sa parehong paraan, ang ilang tao ng ekklesia ay natangay tungo sa sanlibutan. Kung paanong namagitan si Abraham para sa bahaging iyon ng bayan ng Diyos na natangay tungo sa Sodoma, gayon din tayo dapat mamagitan para sa mga kapatid na

Balik sa Unang Pahina

natangay tungo sa sanlibutan. *(Life-study of Genesis, p. 682)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

# IKA-4 NA ARAW: PANALANGIN PARA SA MGA NASA AWTORIDAD

1 TIM. 2:2

Manalangin para sa mga nasa awtoridad na magkaroon ng karunungang gawin ang kanilang mga responsabilidad at matuwid na mamahala ayon sa Diyos upang makapagpatuloy ang ekklesia nang payapa at matiwasay (1 Tim. 2:2).

**1 Tim. 2:2**—Patungkol sa mga hari at lahat ng nasa mataas na katungkulan, upang tayo ay makapamuhay nang tahimik at matiwasay sa buong pagkamakadiyos at pagiging kagalang-galang.

---

**Ministeryo: Pamamagitan ayon sa Matuwid na Paraan ng Diyos at Pagpapahayag ng Naisin ng Diyos**

Naniniwala akong marami sa pagbabawi ng Panginoon ang madadala tungo sa ganitong uri ng pamamagitan. Noong binisita ng Diyos si Abraham sa pantaong antas, naghahanap Siya ng isang tagapamagitan. Ngayon muling bumababa ang Diyos sa pantaong antas...upang maghanap...ng isang sama-samang tao.

*Balik sa Unang Pahina*

Naniniwala akong hindi magtatagal ay magkakaroon ng mga tao sa lupa na lubusang katulad ni Abraham, na nalalaman ang puso ng Diyos at gumagawa ng isang mapaghamong pamamagitan sa Kanyang presensiya. Maaari nating sabihin sa Diyos, “Panginoon, hindi Mo ba alam na ipinangako Mo sa amin sa Bagong Tipan na tiyak Mong tatapusin ang mabuting gawa na Iyong sinimulan?”...Hindi tayo dapat tumangis at magmakaawa kundi hamunin dapat ang Diyos...Nais Niyang marinig ang ating mapaghamong pamamagitan. *(Life-study of Genesis, p. 686)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-5 ARAW: PANALANGIN PARA SA SUKDULANG PAGKILOS NG DIYOS SA BUONG MUNDO

GAWA 17:26-27; FIL. 1:21A; ROMA 12:2; EFE. 4:16; APOC. 19:7

Ipanalangin ang sukdulang pagkilos ng Diyos sa buong mundo na magtamo ng mga taong nakakakilala sa kamangha-mangha, nagpapaloob ng lahat na Kristo, na nararanasan Siya bilang kanilang buhay at ipinamumuhay Siya, at natatransporma at naitatayo upang maging Kanyang Katawan at sa sukdulan ay maging Kanyang naihandang kasintahang babae para sa Kanyang pagbabalik (Gawa 17:26-27; Fil. 1:21a; Roma 12:2; Efe. 4:16; Apoc. 19:7).

**Gawa 17:26-27**—At ginawa Niya mula sa isa ang bawat bansa ng mga tao upang manahan sa ibabaw ng lupa, na itinatakda noong una pa ang kanilang mga itinalagang panahon at ang mga hangganan ng kanilang tinatahanan, upang hanapin nila ang Diyos, baka sakaling Siya ay maapuhap nila at masumpungan Siya, bagama't hindi Siya malayo sa bawat isa sa atin.

**Fil. 1:21a**—Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo.

Balik sa Unang Pahina

**Roma 12:2**—At huwag kayong maiwangis sa kapanahunang ito, kundi matransporma sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan upang mapatunayan ninyo kung ano ang kalooban ng Diyos, yaong mabuti at kalugod-lugod at sakdal.

**Efe. 4:16**—Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasu-kasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan tungo sa ikatatayo ng sarili nito sa pag-ibig.

**Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at inihanda na ng Kanyang asawa ang kanyang sarili.

---

**Ministeryo: Panalangin at Gawain ng Diyos**

Ang isang pangunahing prinsipyo ng gawain ng Diyos ay ang pangangailangan para sa panalangin ng tao. Nais Niyang makipagtulungan sa Kanya ang tao sa panalangin.

*Balik sa Unang Pahina*

Sinabi [ng isang Kristiyano na sanay sa pananalangin] na ang lahat ng espiritwal na gawain ay binubuo ng apat na hakbang. Sa unang hakbang, ninanais ng Diyos na gumawa ng isang bagay; mayroong kalooban ang Diyos. Sa ikalawang hakbang, inihahayag Niya ang kaloobang ito sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng Espiritu upang malaman nila ang Kanyang kalooban, ang Kanyang plano, ang Kanyang naisin, at ang Kanyang mithiin. Sa ikatlong hakbang, ibinabalik sa Kanya ng mga anak ng Diyos ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng panalangin. Ang panalangin ay ang pagtugon sa kalooban ng Diyos. Kung ang ating puso ay kaisa ng puso ng Diyos, kusang-kusa nating isasalita ang kalooban ng Diyos. Bilang resulta, isasakatuparan ng Diyos ang Kanyang gawain sa ikaapat na hakbang.

Kung ang ating panalangin ay para lamang sa pagsasakatuparan ng ating mga plano at kahilingan, wala itong halaga sa espiritwal na kinasasaklawan. Tanging ang mga panalanging pinasimulan ng Diyos at tumutugon sa Kanyang pinasimulan ang may halaga. Pinamumunuan ng mga panalangin ang gawain ng Diyos. Handa ang Diyos na gumawa ng maraming bagay, ngunit

Balik sa Unang Pahina

hindi Niya gagawin ang mga ito kapag hindi nanalangin ang Kanyang bayan. Kailangan Niyang hintayin na sumang-ayon sa Kanya ang tao bago Niya gawin ang mga ito. Ito ay isang dakilang prinsipyo ng gawain ng Diyos, at isa rin ito sa mga pinakamahalagang prinsipyo sa Biblia. (*The Collected Works of Watchman Nee, vol. 38, pp. 281-282*)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-6 NA ARAW: PANALANGIN PARA SA EBANGHELYO

APOC. 6:1-2; ROMA 2:4; GAWA 26:20; MARC. 1:15; 1 TIM. 2:4A

Ipanalangin na tumakbo ang puting kabayo at akayin ng mapagtiis na Diyos ang mga tao na magsisi, bumaling sa Kanya at manampalataya sa ebanghelyo ayon sa Kanyang naisin na ang lahat ng tao ay maligtas (Apoc. 6:1-2; Roma 2:4; Gawa 26:20; Marcos 1:15; 1 Tim. 2:4a).

**Apoc. 6:2**—At nakita ko, at narito, ang isang puting kabayo, at ang nakasakay rito ay may isang busog; at isang korona ang ibinigay sa kanya, at siya ay humayong nagtatagumpay at upang magtagumpay.

**Roma 2:4**—O hinahamak mo ba ang kayamanan ng Kanyang kagandahang-loob at kahinahunan at pagtitiis, hindi nalalamang inaakay ka ng kagandahang-loob ng Diyos sa pagsisisi?

**Gawa 26:20**—Kundi aking ipinahayag, kapwa sa mga nasa Damasco muna at sa mga nasa Herusalem at sa buong lupain ng Judea, at sa mga Hentil, na dapat silang magsisi at bumaling sa Diyos, na gumagawa ng mga gawang karapat-dapat sa pagsisisi.

Balik sa Unang Pahina

**Marc. 1:15**—At nagsasabi, Naganap na ang panahon at malapit na ang kaharian ng Diyos. Magsisi kayo at sumampalataya sa ebanghelyo.
**1 Tim. 2:4a**—Na nagnanais na ang lahat ng tao ay maligtas.

---

**Ministeryo: Ang mga Tunay na Panalangin ay mga Panalanging Kinapapalooban ng Dalawang Panig**

Sinasabi sa atin...ng Roma 8:26 at 27 na hindi tayo marunong manalangin nang nararapat, ngunit ang Espiritu Santo ay namamagitan sa loob natin ayon sa layunin ng Diyos. Sa katunayan, hindi tayo marunong manalangin. Alam natin ang karaniwang tinatawag ng mga tao na pagsusumamo, subalit kakaunti lamang ang alam natin tungkol sa panalanging binabanggit sa mga Kasulatan. Noong una kong nabasa ang dalawang bersikulong ito sa Roma 8, nag-alinlangan ako sa kahulugan ng mga ito. Noong ako ay nagkasakit, inisip ko, Hindi ba nanalangin ako sa Diyos na pagalingin Niya ako? Noong ako ay nangangailangan, hindi ba nanalangin ako sa Diyos na bigyan Niya ako ng panustos? Paanong sinasabi ng mga Kasulatan

Balik sa Unang Pahina

na hindi tayo marunong manalangin nang nararapat? Unti-unti ay ipinakita sa akin ng Panginoon na wala talaga tayong alam tungkol sa uri ng panalanging ninanais ng Diyos...Ito ang ating kahinaan. Salamat sa Diyos na sa bagay na ito ng ating kahinaan, ang Espiritu Mismo ay tumutulong sa atin at namamagitan para sa atin nang may mga hibik na hindi mabigkas.

Mga kapatid, ang mga tunay na panalangin ay ang Espiritu Santo sa loob ng tao na nagpapahayag ng naisin ng Diyos sa pamamagitan ng tao. Sa madaling salita, ang mga tunay na panalangin ay mga panalanging kinapapalooban ng dalawang panig. Ito ay hindi lamang isang taong mag-isang nananalangin sa Diyos, kundi ito ay ang Espiritung nakikipaghalo sa tao, ibinibihis ang tao, at nakikipag-isa sa tao sa panalangin. "Sa panlabas, ang tao ang nananalangin, subalit sa panloob, ang Espiritu ang nananalangin. Nangangahulugan itong ipinapahayag ng dalawang panig ang parehong panalangin sa parehong panahon. Pakitandaan ninyo na ito lamang ang panalanging binabanggit sa mga Kasulatan." *(Lessons on Prayer, pp. 18-19)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-7 ARAW: PANALANGIN PARA SA MGA INUUSIG, SINISIIL, AT NAGDURUSA

1 PED. 4:12-14; 5:9-10

Ipanalangin na aliwin, pasakdalin, at patatagin ng Diyos ng buong biyaya ang mga kapatid sa buong mundo, lalo na ang mga inuusig, sinisiil, at nagdurusa ng kawalan at mga pagsubok (1 Pet. 4:12-14; 5:9-10).

**1 Ped. 4:12-14**—Mga minamahal, huwag ninyong isipin na ang nag-aapoy na pagsubok sa gitna ninyo, na dumarating sa inyo upang kayo ay subukin, ay kakatwa, na waring ang nangyayari sa inyo ay isang kakatwang bagay; ngunit yamang kayo ay nakikibahagi sa mga pagdurusa ni Kristo, magalak kayo, upang sa paghahayag din ng Kanyang kaluwalhatian ay magalak kayo nang labis na galak. Kung kayo ay inaalipusta dahil sa pangalan ni Kristo, kayo ay pinagpala, sapagkat ang Espiritu ng kaluwalhatian at ng Diyos ay nagpapahingalay sa ibabaw ninyo.

**1 Ped. 5:9-10**—Labanan ninyo siya, maging matatag sa inyong pananampalataya, yamang

Balik sa Unang Pahina

alam ninyo na ang gayunding mga pagdurusa ay nagaganap sa inyong kapatiran na nasa sanlibutan. Ngunit ang Diyos ng buong biyaya, na tumawag sa inyo tungo sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian sa loob ni Kristo Hesus, pagkatapos ninyong magdusa nang sandaling panahon, ang Siya Mismong magpapasakdal, magpapatibay, magpapalakas at magpapatatag sa inyo.

---

## Ministeryo: Paghahagis ng Apoy sa Lupa upang Isagawa ang Paghahatol ng Diyos sa Lupa

Sinasabi ng [Apocalipsis 8:5], "At kinuha ng Anghel ang insensaryo at pinunô Niya ito ng apoy ng altar at inihagis ito sa lupa; at nagkaroon ng mga kulog at mga tinig at mga kidlat at ng lindol." …Ang paghahatol ng Diyos sa lupa ang sagot sa mga panalangin ng mga banal na kasama si Kristo bilang insenso. Bagaman nabuksan na ang ikaanim na tatak at handa nang patunugin ang ikapitong trumpeta, wala munang mangyayari hanggang sa dumating si Kristo upang ihandog sa Diyos ang mga panalangin ng mga banal na kasama ang

Balik sa Unang Pahina

Kanyang sarili bilang insenso. Sa panahong iyon, magkakaroon ng mga kulog, mga tinig, mga kidlat, at lindol. Ipinahihiwatig nito na bagaman may intensiyon ang Diyos na isagawa ang Kanyang paghahatol sa lupa, naroon pa rin ang pangangailangang makipagtulungan sa Kanya ang mga banal sa pamamagitan ng kanilang mga panalangin. *(Life-study of Revelation, pp. 279-280)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-8 ARAW: PANALANGIN PARA SA MGA HINDI AKTIBO, NALILIHIS, AT BUMALIK SA DATING GAWI

EFE. 5:14; SANT. 5:19; GAL. 6:1

Ipanalangin na ang mga hindi aktibong mananampalataya ay mapasigla, ang mga nalilihis na Kristiyano ay mabawi, at ang mga banal na bumalik sa dating gawi ay mapanumbalik sa Panginoon at sa pagsasalamuha ng ekklesia (Efe. 5:14; Sant. 5:19; Gal. 6:1).

**Efe. 5:14**—Kaya't sinasabi Niya, Gumising ka, ikaw na natutulog, at bumangon ka mula sa mga patay, at si Kristo ay magliliwanag sa iyo.
**Sant. 5:19**—Mga kapatid ko, kung ang sinuman sa inyo ay naliligaw mula sa katotohanan at ipinapanumbalik ng sinuman.
**Gal. 6:1**—Mga kapatid, kung ang isang tao ay masumpungan sa anumang kasalanan, ipanumbalik ninyong mga espiritwal ang isang gayon sa espiritu ng kaamuan, tinitingnan ang iyong sarili baka ikaw rin ay matukso.

---

Balik sa Unang Pahina

## Ministeryo: **Ang Buhay-Panalangin ng Sama-samang Kristo**

Ang buhay-panalangin ni Kristo ang sentro ng pagsasagawa ng Diyos ng Kanyang pamahalaan sa lupa. Ipinakikita ito ng Apocalipsis 8. Ngunit maaaring sabihin ng ilang nagbabasa ng kapitulo walo ng Apocalipsis, "Hindi namin makita ang panalangin ni Kristo sa Apocalipsis 8. Ang nakikita lamang namin ay ang mga panalangin ng mga banal." Ang mga banal, gayunman, ay kaisa ni Kristo. Ang mga panalangin sa Apocalipsis 8 ay hindi lamang mga panalangin ng indibidwal na Kristo, bagkus ay naging mga panalangin na ng sama-samang Kristo. Sa bagay ng pagsasagawang nangyayari sa altar ng insenso, ang mga banal ay tunay na kaisa ni Kristo. Samakatwid, kapag binabanggit natin sa mensaheng ito ang tungkol sa buhay-panalangin ni Kristo, ang ibig sabihin natin ay ang buhay-panalangin ng sama-samang Kristo. *(Life-study of Exodus, pp. 1594-1595)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-9 NA ARAW: PANALANGIN PARA SA MGA NAKAKALAT NA MANANAMPALATAYA

GAWA 9:2, GAWA 26:19; EZRA 1:5; EZEK. 36:24

Ipanalangin na makita ng mga nakakalat na mananampalataya ang makalangit na pangitain ng walang hanggang layunin ng Diyos, mapukaw sila sa kanilang espiritu na hanapin ang mas malalalim na bagay ni Kristo at ang pagtatayo ng Diyos, at tahakin ang daan ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos (Gawa 9:2; 26:19; Ezra 1:5; Ezek. 36:24).

**Gawa 9:2**—At humingi sa kanya ng mga sulat para sa mga sinagoga sa Damasco, upang kung makatagpo niya ang sinuman na kabilang sa Daan, kapwa mga lalaki at mga babae, ay madala niyang nakagapos sa Herusalem.

**Gawa 26:19**—Kaya, Haring Agripa, hindi ako naging suwail sa makalangit na pangitain.

**Ezra 1:5**—Nang magkagayo'y tumindig ang mga puno ng mga sambahayan ng Juda at Benjamin, at ang mga [saserdote] at mga Levita, bawat isa na ang diwa'y kinilos ng Diyos upang pumunta at muling itayo ang bahay [ni Jehovah] na nasa Jerusalem.

*Balik sa Unang Pahina*

**Ezek. 36:24**—Sapagkat aking kukunin kayo sa mga bansa, at titipunin ko kayo mula sa lahat ng lupain, at dadalhin ko kayo sa inyong sariling lupain.

---

**Ministeryo: Ang Pangangailangan para sa Pamamagitan**

Sa ating karanasan, kailangan nating magtungo sa altar, hugasan, dulang, patungan ng ilawan, at kaban. Ayon sa pag-aaral ko ng Biblia, pagkarating natin sa kaban sa Dakong Kabanal-banalan, kailangan nating bumalik sa altar ng insenso. Ang altar ng insenso ay hindi isang aytem sa daanan sa pagpasok at paglabas sa tabernakulo. Bagkus, maihahambing ito sa isang motor na nagsasanhi sa lahat ng bagay na umandar. Kaya, ang altar ng insenso ay nakatayong mag-isa bilang isang lugar ng pagpihit. Kailangan nating muli't muling bumalik sa lugar ng pagpihit na ito. Nangangahulugan ito na upang maranasan ang anumang aspekto ng labas na looban o ng tabernakulo, kailangan nating manalangin. Kapag tayo ay nananalangin, gumagana ang lahat. Kapag tayo ay nananalangin, sa ating

karanasan, ang altar, ang hugasan, ang dulang, ang patungan ng ilawan, at ang kaban ay epektibong lahat. Gayunman, kapag huminto ang motor, ang lahat ng bagay ay humihinto rin. Kapag umandar ang motor, umaandar din ang lahat. Ito ang dahilan kung bakit kailangan nating magkaroon ng isang motor—ang namamagitang Kristo—na gumagawa sa loob natin. Kailangan nating magkaroon ng isang buhay-panalangin, isang buhay ng pananalangin. *(Life-study of Exodus, p. 1604)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

# IKA-10 ARAW: PANALANGIN PARA SA ISANG PUSO'T KAISIPAN

ROMA 15:6; COL. 3:10-11

Ipanalangin na ang lahat ng ekklesia ay mapasanananaig na isang puso't kaisipan, niluluwalhati ang ating Diyos at ang Kanyang Kristo sa pamamagitan ng isang bibig upang ibunga ang realidad ng isang bagong tao (Roma 15:6; Col. 3:10-11).

**Roma 15:6**—Upang maluwalhati ninyo nang may isang puso't kaisipan sa pamamagitan ng isang bibig ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesu-Kristo.
**Col. 3:10-11**—At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya; doon ay walang Griyego at Hudyo, pagtutuli at di-pagtutuli, barbaro, Scita, alipin, malaya, kundi si Kristo ang lahat at nasa lahat.

---

**Ministeryo: Nananalangin sa Loob ng Diyos at Taglay ang Diyos sa Loob Natin**

Ang larawan ng tabernakulo ay naglalarawan kay Kristo bilang ang nagkatawang-taong Diyos

Balik sa Unang Pahina

na laan para sa ating pasukin. Ang mismong Kristong ito rin ang lahat ng mga handog na magpapaging-kwalipikado sa atin sa pamamagitan ng pagbubukas ng daan tungo sa Diyos at sa pamamagitan ng pagpupuno sa atin sa panloob. Bilang resulta, tayo ay nasa loob ng Diyos, at ang Diyos ay nasa loob natin. Samakatwid, sa oras na tayo ay lumapit sa altar ng insenso, tayo ay nasa loob na ng Diyos, at ang Diyos ay nasa loob na natin. Sapagkat ang altar ng insenso ay nasa sentro ng tabernakulo, na sumasagisag sa nagkatawang-taong Diyos, ang mapasaaltar na ito ay ang mapasanagkatawang-taong Diyos. Higit pa rito, kapag tayo ay nasa loob ng Diyos, Siya rin ay nasa loob natin. Sa altar sa labas na looban ay nararanasan natin ang mga handog, at mayroon tayong dugo upang tayo ay mahugasan at laman upang tayo ay mapunuan sa panloob. Sinasanhi tayo nitong maging kwalipikadong makapasok tungo sa nagkatawang-taong Diyos, ang Isa na nananahan sa atin bilang ating pagkain, bilang ating panustos-buhay. Sinumang lumalapit sa altar ng insenso ay isang taong nasa loob ng Diyos at taglay ang Diyos sa loob niya. Siya ay kaisa ng

Diyos at naihalo sa Diyos. Napakadakilang bagay nito! *(Life-study of Exodus, pp. 1611-1612)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-11 ARAW: PANALANGIN PARA SA MGA EKKLESIA

GAWA 16:5; EFE. 1:19; COL. 1:11; APOC. 1:9

Ipanalangin na palakasin, pagtibayin, at paunlarin ng Panginoon ang mga ekklesia sa bawat bansa sa Kanyang pagbabawi bilang patotoo ni Hesus (Gawa 16:5; Efe. 1:19; Col. 1:11; Apoc. 1:9).

**Gawa 16:5**—Kaya't ang mga ekklesia ay napalakas sa pananampalataya at dumami sa bilang araw- araw.

**Efe. 1:19**—At kung ano ang humihigit na kadakilaan ng Kanyang kapangyarihan tungo sa atin na mga sumasampalataya, ayon sa paggawa ng kapangyarihan ng Kanyang kalakasan.

**Col. 1:11**—Napalalakas ng buong kapang-yarihan, ayon sa kalakasan ng Kanyang kaluwalhatian, tungo sa buong pagbabata at pagtitiis na may galak.

**Apoc. 1:9**—Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong kabahagi sa kapighatian at kaharian at pagtitiis kay Hesus, ay nasa pulo na tinatawag na Patmos dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Hesus.

---

Balik sa Unang Pahina

## Ministeryo: **Sinusunog si Kristo bilang Insenso**

Sa aklat ng Apocalipsis, ang altar ng insenso ay direktang nasa harap ng trono ng awtoridad ng Diyos. Ayon sa Apocalipsis 8, si Kristo bilang isa pang Anghel ay dumarating at nagdaragdag ng Kanyang insenso sa mga panalangin ng mga banal. Pagkatapos, ang insensong ito ay umaakyat sa Diyos sa trono ng pamamahala, at sinasagot ng Diyos ang mga panalangin ng mga banal. Bilang resulta, bumababa ang apoy sa lupa upang isagawa ang mga dibinong paghahatol na nakatala sa natitirang bahagi ng aklat ng Apocalipsis. Ito ay isang larawan ng altar ng insenso na nagiging ang namamahalang trono ng Diyos para isagawa ng Diyos ang Kanyang mga paghahatol sa Kanyang pamamahala. Mahalagang makita natin na ang pagsasagawa ng pamamahala ng Diyos ay ginaganyak ng mga panalanging inihandog sa Kanya mula sa altar ng insenso. *(Life-study of Exodus, p. 1615)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-12 ARAW: PANALANGIN PARA SA MGA KAMANGGAGAWA AT MGA NANGUNGUNANG KAPATID NA LALAKI

GAWA 20:28; 1 PED. 5:2; HEB. 13:17

Ipanalangin na tustusan ng Panginoon ang mga kamanggagawa at mga nangungunang kapatid na lalaki at bigyan sila ng karunungan upang pangunahan at pastulin ang Kanyang bayan nang pasulong sa mga panahong ito (Gawa 20:28; 1 Ped. 5:2; Heb. 13:17).

**Gawa 20:28**—Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na sa gitna nila ay inilagay kayo ng Espiritu Santo bilang mga tagapangasiwa upang pastulin ang ekklesia ng Diyos, na Kanyang nakamit sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo.
**1 Ped. 5:2**—Pastulin ninyo ang kawan ng Diyos na nasa inyo, pangasiwaan ito hindi sa paraang napipilitan kundi kusang-loob, ayon sa Diyos; hindi dahil sa paghahangad ng kapakinabangan sa pamamagitan ng masamang paraan kundi sa karubduban.

*Balik sa Unang Pahina*

**Heb. 13:17**—Sumunod kayo sa mga nangunguna sa inyo at magpasakop sa kanila, sapagkat binabantayan nila ang inyong mga kaluluwa bilang mga magbibigay-sulit, upang gawin nila ito nang may kagalakan at hindi nang may paghihinagpis; sapagkat hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo.

---

## Ministeryo: Nananalangin ayon sa Naisin ng Diyos

Mga kapatid, kung dudulog tayo sa Diyos at mananatiling tahimik sa harapan Niya, binibitiwan ang ating mga iniisip upang makapasok sa Kanyang mga iniisip, makikita natin ang malaking pangangailangan para sa panalangin, makikita natin na naghihintay ang Diyos na tayo ay manalangin tungkol sa napakaraming bagay, at makikita natin na ang lahat ng bagay sa paligid ay maaaring maging paksa ng ating panalangin. Sa katunayan, maaaring maging paksa ng ating panalangin ang buong mundo. Hindi tayo dapat manalangin ayon sa ating damdamin. Dapat nating ihalo ang ating mga naisin sa mga naisin ng Diyos at hayaan ang mga naisin ng Diyos na maging ating mga naisin, mga hibik, at mga inaasam para sa

Balik sa Unang Pahina

sansinukob. Hindi mapapalaya ang mga naisin ng Diyos nang hindi muna dumadaan sa tao, at ang mga naisin ng Diyos, kapag naihayag sa pamamagitan ng mga naisin ng tao, ay sasalungatin ng kapangyarihan ni Satanas. Upang maisakatuparan ang naisin ng Diyos, kailangan nating manalangin, at upang maalis ang pambibigo ni Satanas, kailangan nating manalangin. Kailangan nating ensayuhin ang awtoridad ng panalangin at palayain ang dapat mapalaya at talian ang dapat matalian. Hindi tayo dapat manalangin ayon sa ating sariling naisin; dapat tayong pumunta sa Panginoon at manalangin ayon sa naisin na ikinintal Niya sa atin. Kapag sinasabi ng Diyos na kailangan ang isang bagay, dapat ay gayundin ang ating sabihin, at kapag sinasabi Niyang hindi maaaring manatili ang isang bagay, dapat ay gayundin ang ating sabihin. Dapat nating kalimutan ang tungkol sa ating sarili at hipuin ang naisin ng Diyos at ihayag ang Kanyang naisin sa pamamagitan ng ating pananalangin.

*(The Collected Works of Watchman Nee, vol. 38, pp. 456-457)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-13 ARAW: PANALANGIN UPANG MAPABANAL ANG MGA BANAL

1 TES. 5:22-23; ROMA 12:2, 4-5

Ipanalangin na mapreserba at mapabanal ang mga banal sa kanilang tatlong bahagi, maihiwalay tungo sa Diyos mula sa pangkaraniwan at makasalanang mga bagay (1 Tes. 5:22-23), at hindi mapawangis sa kapanahunang ito kundi matransporma at mapatunayan ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay ng buhay-Katawan (Roma 12:2, 4-5).

**1 Tes. 5:22-23**—Umiwas kayo sa bawat uri ng masama. At pabanalin nawa kayong lubos ng Diyos ng kapayapaan Mismo, at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatan nawang buo, na walang kapintasan, sa pagdating ng ating Panginoong Hesu-Kristo.

**Roma 12:2**—At huwag kayong maiwangis sa kapanahunang ito, kundi matransporma sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan upang mapatunayan ninyo kung ano ang kalooban ng Diyos, yaong mabuti at kalugod-lugod at sakdal.

Balik sa Unang Pahina

**Roma 12:4-5**—Sapagkat kung paanong sa isang katawan ay marami tayong sangkap, at ang lahat ng sangkap ay hindi magkakatulad ng pangsyon, gayundin tayo na marami ay iisang Katawan kay Kristo, at ang bawat isa ay sangkap ng isa't isa.

---

## Ministeryo: Si Kristo na Namamagitan

Maaaring ang pinakamalalim na sagisag sa mga sagisag sa Lumang Tipan ay ang altar ng insenso sa Exodo 30. Kung isasaalang-alang natin ang tipolohiyang ito kahit pa sa mababaw na paraan, makikita nating may kaugnayan ito sa panalangin. Kapwa sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan, ang insensong inihandog sa Diyos ay sumasagisag sa ating panalangin sa Kanya. Samakatwid, sa ating pagbabasa ng Biblia, matatanto nating ang gintong altar ng insenso ay dapat na may kaugnayan sa panalangin.

Kung isasaalang-alang natin ang bagay na ito sa mas malalim na paraan, makikita natin na sa katunayan ang altar ng insenso ay hindi tumutukoy sa ating panalangin. Sa halip, tumutukoy ito sa panalangin ni Kristo, sapagkat ang altar mismo ay isang sagisag ng persona ni Kristo. Hindi ito isang sagisag ng panalangin ni

Balik sa Unang Pahina

Kristo. Isinasagisag ng altar ng insenso si Kristo na persona, hindi ang Kanyang panalangin. Isinasagisag nito si Kristo na nananalangin, si Kristo na namamagitan. Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na muli, at lalo na pagkatapos ng Kanyang pag-akyat sa langit, ang indibidwal na Kristo ay naging pansama-sama. Kaya sa harapan ng Diyos ngayon, hindi lamang ang indibidwal na Kristo ang namamagitan, bagkus ang sama-samang Kristo, ang Ulo kasama ang Katawan, ay namamagitan din. Si Kristo na Ulo ay namamagitan sa kalangitan, at ang ekklesia na Katawan ay namamagitan sa lupa. Ang tagapamagitan, kung gayon, ay hindi lamang si Kristo Mismo, bagkus ay si Kristong kasama ang Kanyang Katawan. Kung natatanto natin ito, makikita natin na ang ipinapakahulugan ng altar ng insenso ay isang bagay na napakalalim. *(Life-study of Exodus, p. 1625)*

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-14 NA ARAW: PANALANGIN UPANG MATAMO ANG NAGPAPALOOB NG LAHAT NA KRISTO

COL. 1:12; EFE. 3:8, 17-18

Ipanalangin na lubusang matamo ng mga banal ang kanilang nakalaang bahagi ng nagpapaloob na lahat, sumasaklaw sa lahat na Kristo sa pagiging napalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu tungo sa kanilang panloob na tao upang si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa kanilang mga puso (Col. 1:12; Efe. 3:8, 17-18).

**Col. 1:12**—Nagpapasalamat sa Ama, na nag-paging-kwalipikado sa inyo na makabahagi sa nakalaang bahagi ng mga banal sa liwanag.

**Efe. 3:8**—Sa akin, na higit na mababa sa pinakamababa sa lahat ng banal, ay ibinigay ang biyayang ito, upang ipahayag sa mga Hentil ang di-malirip na mga kayamanan ni Kristo bilang ebanghelyo.

**Efe. 3:17-18**—Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na

Balik sa Unang Pahina

napag-ugat at napagtibay sa pag-ibig, ay mapalakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang at haba at taas at lalim.

---

## Ministeryo: Naging Abo

Kung papasok tayo sa tabernakulo, hindi tayo maaaring dumirekta sa altar ng insenso. Gaya nang nasabi na natin, dapat muna tayong pumunta sa dulang ng tinapay, pagkatapos sa patungan ng ilawan, at pagkatapos niyaon sa kaban ng patotoo na nasa Dakong Kabanal-banalan. Saka lamang tayo magiging handang dumulog upang mamagitan sa altar ng insenso.
Ang ating gawi ay laban kay Kristo bilang buhay (ang dulang ng tinapay ng presensiya, ang dulang ng tinapay). Ang ating paningin ay laban kay Kristo bilang ating liwanag (ang patungan ng ilawan). Ang ating kagalingan ay laban kay Kristo bilang ating insenso sa Diyos (ang altar ng insenso). Ang ating gawi, ating paningin, at ating kagalingan ay sama-samang katumbas ng ating natural na katauhan, na laban kay Kristo bilang patotoo ng Diyos (ang kaban). Kung tayo ay naging bunton ng abo, matataglay pa ba natin

Balik sa Unang Pahina

ang ating natural na gawi, ating natural na paningin, at ating natural na kagalingan? Tiyak na hindi. Ang bunton ng abo ay walang anumang gawi, paningin, o kagalingan. Ano ang mayroon sa bunton ng abo? Wala. Ang maging abo ay ang maging wala, maging sero. (*Life-study of Exodus*, pp. 1629-1630)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

[Balik sa Unang Pahina]

# IKA-15 ARAW: PANALANGIN PARA SA PAGTATAYO NG KATAWAN

COL. 2:6-7; ROMA 8:4; EFE. 4:15-16

Ipanalangin na ang mga banal ay lumakad sa loob ni Kristo sa pamamagitan ng espiritu sa kanilang pang-araw-araw na buhay, lumago tungo kay Kristo sa lahat ng bagay, at mailakip at maitayong magkakasama bilang Katawan ni Kristo (Col. 2:6-7; Roma 8:4; Efe. 4:15-16).

**Col. 2:6-7**—Kaya't kung paanong tinanggap ninyo ang Kristo, si Hesus na Panginoon, lumakad kayo sa Kanya, na nakaugat at itinatayo sa Kanya, at pinagtitibay sa pananampalataya gaya ng itinuro sa inyo, na sumasagana sa pasasalamat.

**Roma 8:4**—Upang ang matuwid na kahilingan ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi lumalakad ayon sa laman kundi ayon sa espiritu.

**Efe. 4:15-16**—Kundi sa pagtangan sa katoto-hanan sa pag-ibig, tayo ay lumago sa lahat ng bagay tungo sa Kanya, na siyang Ulo, si Kristo, na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasu-kasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng

Balik sa Unang Pahina

paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan tungo sa ikatatayo ng sarili nito sa pag-ibig.

---

## Ministeryo: **Ang Dalawang Altar sa Ating Karanasan**

Kaawaan nawa tayo ng Panginoon upang makita natin na ang wasto at tunay na buhay-panalangin ay nasa loob ng Diyos at may-kahilingang mapasaloob natin ang Diyos; na ito ay kaisa ng nabuhay na muli at umakyat sa langit na Kristo bilang ating insenso sa Diyos; at na ito ay nakaugnay sa naipako sa krus na Kristo sa pamamagitan ng dugo, ng apoy, at ng matamis na samyo. Kung mayroon tayong ganitong uri ng panalangin, makapamumuhay tayo ng isang buhay na naggaganyak sa pagkilos ng Diyos. Pinamamahalaan ng ganitong uri ng panalangin ang kapanahunan ng biyaya ng Diyos at Kanyang pamamahala ng Kanyang awtoridad. Nangangahulugan ito na ang panalanging inihandog sa altar ng insenso ang namamahala sa sansinukob. Napakamakahulugan nito. Mabuksan nawa ang ating mga mata upang makita ito. (*Life-study of Exodus*, p. 1623)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-16 NA ARAW: PANALANGIN PARA SA ITINALAGANG DAAN NG DIYOS

GAWA 2:46-47; 1 PED. 4:10; 1 COR. 14:26; EFE. 4:12, 16

Ipanalangin na gamitin ng mga banal ang kasalukuyang kalagayan upang makapaglinang ng isang buhay-ekklesia na mas buháy, mas nananaig, mas mabunga, at higit na naaayon sa itinalagang daan ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapalaya ng organikong pangsyon ng bawat banal (Gawa 2:46-47; 1 Ped. 4:10; 1 Cor. 14:26; Efe. 4:12,16).

**Gawa 2:46-47**—At araw-araw, nagpapatuloy nang matibay na may isang puso't kaisipan sa templo at nagpipira-piraso ng tinapay sa bahay-bahay, kinain nila ang kanilang pagkain nang may galak at katapatan ng puso, nagpupuri sa Diyos at may biyaya sa lahat ng tao. At magkakasamang idinagdag sa kanila ng Panginoon araw-araw ang mga naliligtas.

**1 Ped. 4:10**—Ayon sa kaloob na tinanggap ng bawat isa, ihain ito sa inyo-inyo rin bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos.

Balik sa Unang Pahina

**1 Cor. 14:26**—Ano kung gayon, mga kapatid? Tuwing kayo ay nagkakatipon, ang bawat isa ay may salmo, may pagtuturo, may pahayag, may wika, may paliwanag. Gawin ang lahat ng bagay para sa ikatatayo.
**Efe. 4:12**—Para sa pagpapasakdal ng mga banal tungo sa gawain ng ministeryo, tungo sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo.
**Efe. 4:16**—Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasu-kasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan tungo sa ikatatayo ng sarili nito sa pag-ibig.

---

## Ministeryo: Idinadagdag ang Insenso sa Panalangin

Ipinakikita sa atin ng Apocalipsis 8 kung paanong hahatulan ng Diyos sa Kanyang pamamahala ang kapanahunang ito. Subalit hinihintay ng paghahatol na ito ang mga panalangin ng mga yaong nakatanggap kapwa ng pagtutubos ng dugo at ng pagtatapos ng krus. Hinihintay nito ang mga panalangin ng mga

Balik sa Unang Pahina

yaong nabuhay nang muli upang hanapin ang Kanyang puso at yaong tumatayo sa katayuan ng kamatayan, kaya't hinahayaan ang nabuhay na muling Kristo na maihugpong sa kanilang mga panalangin. Samakatwid, magiging matitinding panalangin ang mga ito na makahahatol at magtatapos ng kapanahunang ito. Uulitin natin, ang dahilan kung bakit nakapananalangin sila para sa gayong mataas at dakilang mga bagay ay yaong sila'y natapos na sa krus at nahahayaan nilang maidagdag ang nabuhay na muling Kristo sa kanilang mga panalangin. Ito ang kahulugan ng insensong naidaragdag sa mga panalangin. (*Lessons on Prayer*, pp. 172-173)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

# IKA-17 ARAW: PANALANGIN UPANG ANG MGA BANAL AY MAGING MGA NAGPAPAPAGAL NA SASERDOTE

ROMA 15:16; 2 TIM. 4:2; GAWA 10:24

Ipanalangin na mapalakas ang lahat ng banal bilang mga nagpapapagal na saserdote ng ebanghelyo, na nagpapahayag ng Salita nang napapanahon at di-napapanahon sa kanilang mga kamag-anak, kaibigan, kasamahan, at mga taong kanilang nakakatagpo, upang matamo sila at maialay sila bilang isang napabanal na handog sa Diyos (Roma 15:16; 2 Tim. 4:2; Gawa 10:24).

**Roma 15:16**—Upang ako ay maging tagapag-hain ni Kristo Hesus sa mga Hentil, isang nagpapapagal na saserdote ng ebanghelyo ng Diyos, upang ang handog na mga Hentil ay maging katanggap-tanggap, yamang pinabanal sa Espiritu Santo.

**2 Tim. 4:2**—Ipahayag mo ang salita; maging handa ka, napapanahon man o hindi; manaway ka, magsawata ka, magpayo ka nang may buong pagtitiis at pagtuturo.

**Gawa 10:24**—At nang sumunod na araw, pumasok sila sa Cesarea. At naghihintay sa

Balik sa Unang Pahina

kanila si Cornelio, na tinipon ang kanyang mga kamag-anak at matatalik na kaibigan.

---

## Ministeryo: **Sa Pangalan ng Panginoong Hesus—Pagkakatiwala ng Diyos**

Sa lupa, walang awtoridad ang ekklesia na mas dakila pa sa awtoridad ng paggawa ng mga bagay sa pangalan ng Panginoong Hesus. Ipinagkatiwala ng Panginoon ang Kanyang pangalan sa ekklesia. Ito ang pinakadakilang pagkakatiwala sapagkat ang pangalang ito ay tumutukoy sa Kanyang sarili. Anuman ang salitain mo sa pangalan ng Panginoong Hesus ay nagiging kung ano ang sinasalita ng Panginoon Mismo. Anuman ang hingin mo sa pangalan ng Panginoong Hesus ay nagiging kung ano ang Kanyang hinihingi. Anuman ang iyong pagpasyahan sa pangalan ng Panginoong Hesus ay nagiging kung ano ang pinagpapasyahan ng Panginoon. May awtoridad ang ekklesiang magsalita sa pangalan ng Panginoon. Anong pagkakatiwala ang ibinigay ng Diyos sa ekklesia! (*The Prayer Ministry of the Church*, p. 53)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-18 ARAW: PANALANGIN UPANG MAKAPAGPATULOY NANG MATIBAY

GAWA 2:42; MAT. 6:6; 18:19-20; COL. 4:2; 1 TES. 5:17

Ipanalangin na ang mga banal ay makapagpatuloy nang matibay sa pananalangin at ang kanilang buhay-panalangin ay maitayo sa pampersonal, sa maliliit na grupo, at sa mga pagpupulong ng ekklesia hanggang ang pananalangin ay maging walang patid (Gawa 2:42; Mat. 6:6; 18:19-20; Col. 4:2; 1 Tes. 5:17).

**Gawa 2:42**—At nagpatuloy silang matibay sa pagtuturo at pagsasalamuha ng mga apostol, sa pagpipira-piraso ng tinapay at sa mga pananalangin.
**Mat. 6:6**—Subalit ikaw, kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong pribadong silid, at isara mo ang iyong pintuan at manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim; at gagantihan ka ng iyong Ama na nakakakita sa lihim.
**Mat. 18:19-20**—Muli, katotohanang sinasabi Ko sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo sa lupa tungkol sa anumang bagay na kanilang hihingin, gagawin ito para sa kanila mula sa Aking Ama na nasa kalangitan. Sapagkat kung

[Balik sa Unang Pahina]

saan may dalawa o tatlong nagkakatipon tungo sa Aking pangalan, naroroon Ako sa gitna nila.

**Col. 4:2**—Magtiyaga kayo sa pananalangin, nagbabantay nang may pasasalamat.

**1 Tes. 5:17**—Manalangin kayo nang walang patid.

---

## Ministeryo: Ang Panalangin ng Awtoridad

Naglalaman ang Biblia ng pinakamataas at pinakaespiritwal na panalangin. Subalit kakaunting tao ang nananalangin ng ganitong panalangin, at kakaunti ang nagbibigay-pansin dito. Ano ang panalanging ito? Ito ang "panalangin ng awtoridad." Alam natin na may mga panalangin ng papuri, mga panalangin ng pasasalamat, mga nagsusumamong panalangin, at mga nagmamakaawang panalangin. Subalit kakaunti sa atin ang nakakaalam na may panalangin ng awtoridad. Ang panalangin ng awtoridad ay isang nag-uutos na panalangin. Ito ang pinakamahalaga at pinakaespiritwal na panalangin sa Biblia. Ang ganitong uri ng panalangin ay tanda ng awtoridad at deklarasyon ng awtoridad.

Balik sa Unang Pahina

Mga kapatid, kung nais ninyong maging tao ng panalangin, dapat ninyong matutuhang manalangin nang may awtoridad. Ang ganitong uri ng panalangin ay inilalarawan ng Panginoon sa Mateo 18:18, "Anuman ang inyong talian sa lupa ay natalian na sa langit, at anuman ang inyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa langit." Sa bersikulong ito, may panalangin na tinatawag na nagtataling panalangin at panalangin na tinatawag na nagkakalag na panalangin…Nakikinig ang langit sa lupa at sinusunod nito ang utos ng lupa. Anuman ang talian ng lupa ay natalian na sa langit, at anuman ang kalagan ng lupa ay nakalagan na sa langit. Ang lupa ay hindi nananalangin; ito ay nagtatali at nagkakalag. Ito ang manalangin nang may awtoridad. (*The Prayer Ministry of the Church*, p. 61)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

# IKA-19 NA ARAW: PANALANGIN PARA SA MGA MANDARAIG

APOC. 2:7, 11, 17, 26; 3:5, 12, 21; 12:5, 10-11; 14:1-5

Ipanalangin na ang mga banal ay tumugon sa pagtawag ng Panginoon at mabuuan bilang mga mandaraig upang maging pampanahunang instrumento ng Panginoon na magbabaling ng kapanahunan (Apoc. 2: 7, 11, 17, 26; 3: 5, 12, 21; 12: 5, 10-11; 14: 1-5).

**Apoc. 3:21**—Ang manaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono.

**Apoc. 12:5**—At siya ay nagsilang ng anak na lalaki, isang lalaking-anak, na siyang magpapastol sa lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng pamalong bakal; at ang kanyang anak ay inagaw paitaas sa Diyos at sa Kanyang trono.

**Apoc. 12:10-11**—At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit na nagsasabi, Ngayon ay dumating ang kaligtasan at ang kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang awtoridad ng Kanyang Kristo, sapagkat inihagis na ang tagapag-akusa ng ating mga kapatid, na araw at

Balik sa Unang Pahina

gabing nag-aakusa sa kanila sa harapan ng ating Diyos. At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

---

## Ministeryo: Ang Panalangin ng Awtoridad

Ipinakikita sa atin ng Biblia ang ugnayan sa pagitan ng panalangin, pag-aayuno, at awtoridad. Ipinahihiwatig ng panalangin na hinahanap natin ang Diyos, samantalang ipinahihiwatig ng pag-aayuno na itinatatwa natin ang ating sarili…Dapat nating magkasabay na hanapin ang Diyos at itatwa ang sarili. Kapag ang paghahabol natin sa Diyos at ating pagtatatwa sa sarili ay pinaghugpong at pinaghalong magkasama, kaagad na naroon ang pananampalataya. Kapag mayroon tayong pananampalataya, mayroon tayong awtoridad na utusang lumayas ang mga demonyo. Mga kapatid, kung hinahanap natin ang Diyos subalit hindi itinatatwa ang ating sarili, wala tayong pananampalataya, at wala tayong awtoridad. Subalit kung hinahanap natin ang Diyos at itinatatwa ang ating sarili, kaagad tayong

Balik sa Unang Pahina

magkakaroon ng pananampalataya at awtoridad at makapagbibigkas ng mga panalangin ng pananampalataya at awtoridad. Mga kapatid, ang pinakamahalagang mga panalangin at pinakaespiritwal na mga panalangin ay mga panalangin ng awtoridad. (*The Prayer Ministry of the Church*, pp. 73-74)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

.

[Balik sa Unang Pahina]

# IKA-20 ARAW: PANALANGIN UPANG IGAPOS ANG KAAWAY

MARC. 3:27; 1 JUAN 3:8; APOC. 12:10-11; LUC. 18:7

Ipanalangin na maigapos ang kaaway na si Satanas, mawasak ang mga gawa ng diyablo, maibagsak ang tagapag-akusa ng mga kapatid, at maipaghiganti ang mga banal laban sa kanilang kaaway (Marc. 3:27; 1 Juan 3:8; Apoc. 12:10-11; Luc. 18:7).

**Marc. 3:27**—Subalit walang sinumang makapapasok sa bahay ng malakas na tao at lubusang masasamsam ang kanyang mga kalakal malibang gapusin muna niya ang malakas na tao, at pagkatapos ay lubusan niyang masasamsaman ang kanyang bahay.
**1 Juan 3:8**—Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diyablo, sapagkat buhat sa pasimula ay nagkasala na ang diyablo. Para sa layuning ito ay nahayag ang Anak ng Diyos, upang mawasak Niya ang mga gawa ng diyablo.
**Apoc. 12:10-11**—At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit na nagsasabi, Ngayon ay dumating ang kaligtasan at ang kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang awtoridad ng Kanyang Kristo, sapagkat inihagis na ang

Balik sa Unang Pahina

tagapag-akusa ng ating mga kapatid, na araw at gabing nag-aakusa sa kanila sa harapan ng ating Diyos. At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

**Luc. 18:7**—At hindi ba isasagawa ng Diyos sa anumang paraan ang paghihiganti para sa Kanyang mga pinili, na dumaraing sa Kanya araw at gabi, bagama't Siya ay mapagtiis sa kanila?

---

## Ministeryo: Isang Lubos na Probisyon para sa Ating Panalangin

Ang ating mga kahinaan ay pinakamadaling makita sa ating mga panalangin. Wala nang naghahantad sa ating espiritwal na kahinaan nang higit pa sa panalangin. Alam natin kung gaanong kahirap para sa mga disipulo na manalangin sa halamanan ng Getsemani; hindi sila makapagbantay at makapanalangin. Subalit salamat sa Panginoon na taglay natin ang makapangyarihang Espiritu bilang ating tulong. Dapat tayong magtiwalang gagawa ang nananahanang Espiritu sa loob natin ayon sa

Balik sa Unang Pahina

Kanyang kapangyarihan, sapagkat Siya ang ating tulong sa panahon ng ating kahinaan at kamangmangan. Bagaman hindi tayo marunong manalangin, ang Espiritu Santo ay nasa loob natin; alam Niya ang kalooban ng Diyos at tuturuan Niya tayong manalangin ayon sa kalooban ng Diyos. Tuturuan Niya tayong makipagsalamuha sa Diyos nang naaangkop at dadalhin tayo sa realidad ng salamuha. Dapat tayong magtiwala sa Kristong ating sinasampalatayanan at sa Espiritung nagpapanatili sa atin at tumutulong sa ating manalangin. (*The Collected Works of Watchman Nee, vol. 38*, pp. 460-461)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-21 ARAW: PANALANGIN PARA SA SENTRONG GAWAIN NG DIYOS

GAL. 4:19; EFE. 3:14-21; MAT. 16:18; EFE. 2:21-22; 1 COR. 12:27

Ipanalangin na buksan ng lahat ng banal ang kanilang buong katauhan sa Panginoon upang maisagawa Niya ang sentrong gawain ng Diyos—ang pagtatayo ng Diyos ng Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa atin at ang pagtatayo sa atin tungo sa Kanyang sarili para sa pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo (Gal. 4:19; Efe. 3:14-21; Mat. 16:18; Efe. 2:21-22; 1 Cor. 12:27).

**Gal. 4:19**—Mga anak ko, na muli kong ipinag-daramdam sa panganganak hanggang si Kristo ay maihubog sa inyo.

**Efe. 3:16-17, 19b**—Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa mga kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya…na kayo ay mapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Diyos.

Balik sa Unang Pahina

**Mat. 16:18**—At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananaig laban dito.

**Efe. 2:21-22**—Na sa Kanya, ang buong gusali, na inilalapat nang magkakasama, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon; Na sa Kanya, kayo rin naman ay itinatayo nang magkakasama upang maging isang pinananahanang lugar ng Diyos sa espiritu.

**1 Cor. 12:27**—Ngayon kayo ang Katawan ni Kristo, at ang bawat isa ay mga sangkap.

---

## Ministeryo: Nananalanging kasama ng Namamagitang Kristo

Sa [Exodus] 17:12 sinabihan tayo na kumuha sina Aaron at Hur ng isang bato at inilagay sa ibaba at inupuan ni Moises. Nangangahulugan ito na ang ating buhay-panalangin ay dapat magkaroon ng isang solidong saligan…Naniniwala ako na ang batong ginamit bilang matatag na saligan ay tumutukoy sa ating pagkatanto na sa ating sarili ay hindi natin kayang panatilihin ang isang buhay-panalangin.

Balik sa Unang Pahina

Ito ang pagkilala sa katunayan na kailangan natin ng suporta. Sa ating natural na buhay, tayo, katulad ni Moises, ay hindi makapagtitiyaga sa panalangin. Sadyang hindi natin kayang magpatuloy sa ating panalangin ng buong araw. Kaya, kailangan nating matanto ang ating kahinaan. Ang pagkatantong ito ay nagbibigay sa atin ng kinakailangang matatag na saligan para sa ating buhay-panalangin.

Sa tuwing mananalangin ka, sabihin mo sa Panginoon, "Panginoon, hindi ko kayang magpatuloy sa pananalangin. Kailangan ko ng solidong saligan para sa aking panalangin, at kinukuha Kita bilang gayong saligan." (*Life-study of Exodus*, pp. 547-548)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-22 ARAW: PANALANGIN PARA SA PAGHAHALO

1 COR. 12:12-13, 23-27

Ipanalangin na ipamuhay ng mga banal ang buhay-Kristiyano at ang buhay-ekklesia ayon sa mga praktikal na punto hinggil sa paghahalo, na may paghahalo ng lahat ng indibidwal na mga sangkap ng Katawan ni Kristo, lahat ng ekklesia sa ilang distrito, lahat ng kamanggagawa, at lahat ng matanda sa pamamagitan ng salamuha at sa paggawa ng lahat ng bagay sa pamamagitan ng krus at ng Espiritu upang ihain si Kristo para sa Katawan, taglay ang gol na sa pagbabawi ng Panginoon tayo ay magiging ang realidad ng Katawan ni Kristo (1 Cor. 12:12-13, 23-27).

**1 Cor. 12:12-13**—Sapagkat kung paanong ang katawan ay iisa at maraming sangkap, gayunman ang lahat ng sangkap ng katawan, bagama’t marami, ay iisang katawan, gayundin naman ang Kristo. Sapagkat sa isang Espiritu rin ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan, mga Hudyo man o mga Griyego, mga alipin man o mga laya, at pinagkaloobang lahat na uminom sa isang Espiritu.

Balik sa Unang Pahina

**1 Cor. 12:23-27**—At yaong mga sangkap ng katawan na itinuturing nating nakabababa sa karangalan, ang mga ito ay binibihisan natin ng higit na saganang karangalan; at ang ating mga di-kaaya-ayang sangkap ay magkaroon ng higit na saganang kagandahan, ngunit ang ating magagandang sangkap ay walang kailangan. Subalit pinaghalo ng Diyos ang katawan, binibigyan ng higit na saganang karangalan ang sangkap na may kakulangan, upang hindi magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa katawan, kundi ang mga sangkap ay magkaroon ng magkakatulad na malasakit sa isa't isa. At kung nagdurusa ang isang sangkap, ang lahat ng sangkap ay nagdurusa kasama nito; o kung naluluwalhati ang isang sangkap, ang lahat ng sangkap ay nagagalak kasama nito. Ngayon kayo ang Katawan ni Kristo, at ang bawat isa ay mga sangkap.

---

**Ministeryo: Nagbibigay-pansin sa mga Sama-samang Panalangin**

Dapat tayong magbigay-pansin sa mga sama-samang panalangin, yaon ay, ang panalangin ng ekklesia. Kapag pinag-uusapan natin ang

Balik sa Unang Pahina

panalangin ng ekklesia, hindi natin ibig sabihin na ang mga personal na panalangin ay hindi mahalaga; hindi naman tayo di-sensitibo sa pangangailangan para sa mga personal na panalangin. Subalit may kautusan sa kaharian ng Diyos: Ilang bagay ay imposibleng gawin ng isang indibidwal nang mag-isa; nangangailangan ang mga ito ng isang sama-samang pagpupunyagi at suporta ng isa't isa. Ang pagtutugunan ay partikular na kinakailangan sa bagay ng panalangin. Natatanto ng mga yaong laging sumusunod sa Panginoon ang pangangailangan para sa pananalangin na kasama ng ibang mananampalataya. Minsan hindi sapat para sa isang tao na manalangin nang nag-iisa. Lalo na para sa mga bagay na kasindakila ng kaharian ng Diyos, ang tanging panalangin na gumagana ay yaong panalangin na pinagpupunyagian ng buong ekklesia na ipanalangin. Sinabi ng Panginoon, "Ang Aking bahay ay tatawaging isang bahay-panalanginan." Maaaring isunod natin dito ang pariralang "na ang bahay na iyon ay tayo" (Heb. 3:6). (*The Collected Works of Watchman Nee,* vol. 38, p. 462)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-23 ARAW: PANALANGIN PARA SA MATUWID NA PAGHAHATOL NG DIYOS

APOC. 8:1-8

Ipanalangin na ang mga banal ay maghandog ng mga panalanging makapagdaragdag ng insenso si Kristo bilang ang isa pang Anghel nang sa gayon mula sa trono ng Diyos ang apoy ng matuwid na paghahatol ay maihagis sa lupa upang tuusin ang pagkawalang-diyos at katiwalian (Apoc. 8:1-8)

**Apoc. 8:1-8**—At nang buksan Niya ang ika-pitong tatak, nagkaroon ng katahimikan sa langit nang mga kalahating oras. At nakita ko ang pitong anghel na nakatayo sa harapan ng Diyos, at binigyan sila ng pitong trumpeta. At dumating ang isa pang Anghel at tumayo sa harap ng altar, na may hawak na isang gintong insensaryo, at maraming insenso ang ibinigay sa Kanya upang ihandog kasama ng mga panalangin ng lahat ng banal sa ibabaw ng gintong altar na nasa harapan ng trono. At pumailanlang ang usok ng insenso kasama ng mga panalangin ng mga banal mula sa kamay ng

Balik sa Unang Pahina

Anghel sa harapan ng Diyos. At kinuha ng Anghel ang insensaryo at pinunô Niya ito ng apoy ng altar at inihagis ito sa lupa; at nagkaroon ng mga kulog at mga tinig at mga kidlat at ng lindol. At ang pitong anghel na may pitong trumpeta ay nagsipaghanda upang magtrumpeta. At nagtrumpeta ang una, at nagkaroon ng pag-ulan ng yelo at apoy na may halong dugo, at itinapon ito sa lupa; at ang ikatlong bahagi ng lupa ay nasunog, at ang ikatlong bahagi ng mga puno ay nasunog, at ang lahat ng luntiang damo ay nasunog. At nagtrumpeta ang ikalawang anghel, at ang tulad ng isang malaking bundok na nagliliyab sa apoy ay inihagis sa dagat; at ang ikatlong bahagi ng dagat ay naging dugo.

---

## Ministeryo: Pagkakasundo sa Espiritu Santo

Nangangailangan ang ganitong uri ng panalangin ng pagkakabuo ng Espiritu Santo sa mga nananalangin. Kailangang dalhin ka ng Diyos sa punto kung saan itinatatwa mo ang nais mo at ninanais lamang kung ano ang ninanais ng Diyos, at kailangang dalhin ng Diyos ang isa pang kapatid sa punto kung saan itinatatwa niya

Balik sa Unang Pahina

ang kung ano ang nais niya at naisin lamang ang kung ano ang nais ng Diyos. Kapag kapwa ikaw at ang kapatid ay nadala sa puntong ito at kasing armonya ng musika, anuman ang inyong hingin ay gagawin para sa inyo mula sa makalangit na Ama. Mga kapatid, huwag ninyong akalain na hangga't nagkakasundo kayo sa inyong mga opinyon ay masasagot ang inyong mga panalangin…Ang pagkakapareho sa gol ay hindi naggagarantiya na magkakaroon ng pagkakasundo. Dapat nating matanto na imposibleng magkaroon ng pagkakasundo sa laman. Kapag ang ating natural na buhay ay natuos ng Panginoon, kapag ang isa ay namumuhay sa Espiritu Santo at ang isa pa ay namumuhay rin sa Espiritu Santo at kapwa ay namumuhay kay Kristo, mayroong pagkakasundo, parehong mga pananaw, at ang panalangin ay nasa isang puso't kaisipan. (*The Prayer Ministry of the Church*, p. 18)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

# IKA-24 NA ARAW: PANALANGIN UPANG HANAPIN MUNA ANG KAHARIAN NG DIYOS

MAT. 6:19-34

Ipanalangin na ang mga banal ay hindi mabalisa tungkol sa pantaong buhay sa kasalukuyang panahon kundi hanapin muna ang kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran at maglingkod lamang sa Diyos, hindi nag-iipon ng mga kayamanan para sa kanilang sarili sa lupa (Mat. 6:19-34).

**Mat. 6:19-21**—Huwag kayong mag-ipon para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa lupa, kung saan ang tangà at kalawang ay naninira at kung saan ang mga magnanakaw ay naghuhukay at nagnanakaw. Kundi mag-ipon kayo para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa langit, kung saan ang tangà ni ang kalawang ay hindi naninira at kung saan ang mga magnanakaw ay hindi naghuhukay ni nagnanakaw. Sapagkat kung nasaan ang iyong kayamanan, doroon din ang iyong puso.

**Mat. 6:24-25**—Walang sinumang makapaglingkod sa dalawang panginoon, sapagkat

kamumuhian niya ang isa at mamahalin ang ikalawa, o kakapit siya sa isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa mammon. Dahil dito, sinasabi Ko sa inyo, Huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong buhay, kung ano ang inyong kakainin o kung ano ang inyong iinumin; ni tungkol sa inyong buhay, kung ano ang inyong kakainin o kung ano ang inyong iinumin; ni tungkol sa inyong katawan, kung ano ang inyong isusuot. Hindi ba higit ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa pananamit?

**Mat. 6:31, 33**—Kaya huwag kayong mabalisa, na nagsasabi, Ano ang aming kakainin? o, Ano ang aming iinumin? o, Ano ang aming isusuot?...Subalit hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng bagay na ito ay idaragdag sa inyo.

---

## Ministeryo: **Pinalalaya ang Ating Espiritu sa pamamagitan ng Panalangin**

Ang wastong panalangin ay palaging nagpapalaya sa atin. Kapag nanalangin tayo at ang ating espiritu ay hindi naensayo at napalaya, ang ating panalangin ay mali. Dapat ensayuhin

Balik sa Unang Pahina

ng panalangin ang ating espiritu at palayain ang ating espiritu. Kapag ang ating espiritu ay napalaya sa pamamagitan ng ating panalangin, tayo ay mga napalayang tao. Kapag hindi na tayo mga nakagapos kundi mga napalaya, palagi tayong masaya. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Pablo, "Magalak kayong lagi, manalangin kayo nang walang patid" (1 Tes. 5:16-17). Ang magalak sa lahat ng oras ay may kaugnayan sa pananalangin nang walang patid.

Kapag ikaw ay napalaya, kapag ako ay napalaya, at kapag ang bawat isa ay napalaya, yaon ang tunay na paghahalo. Ang paraan upang tayo ay maging naihahalo ay sa pamamagitan ng panalangin na nagpapalaya ng ating espiritu. (*Fellowship concerning the Urgent Need of the Vital Groups*, pp. 109-110)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-25 ARAW: PANALANGIN UPANG MAGKAROON NG NATATAGONG BUHAY SA AMA

MAT. 6:1-6; COL. 3:3

Ipanalangin na ang mga banal, bilang mga tao ng kaharian, ay magkaroon ng isang espiritwal na buhay na tumutugma sa mahiwaga, natatagong kalikasan ng dibinong buhay, nananalangin sa kanilang makalangit na Ama sa lihim, nakararanas ng ilang lihim na pagtatamasa sa Ama, at tumatanggap ng ilang lihim na kasagutan mula sa Kanya (Mat. 6:1-6; Col. 3:3).

**Mat. 6:1-6**—Subalit mag-ingat kayo na huwag gawin ang inyong katuwiran sa harap ng mga tao upang kanilang makita; kung hindi, wala kayong gantimpala sa inyong Ama na nasa kalangitan. Kaya kapag ikaw ay naglilimos, huwag kang magpatunog ng trumpeta sa harap mo gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa mga sinagoga at sa mga lansangan, upang sila ay luwalhatiin ng mga tao. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Tinanggap na nila ang kanilang gantimpala nang buo. Subalit ikaw, kapag ikaw ay naglilimos, huwag hayaang malaman ng iyong

Balik sa Unang Pahina

kaliwang kamay kung ano ang ginagawa ng iyong kanang kamay, upang ang iyong paglilimos ay maging lihim; at ang iyong Ama na nakakakita sa lihim ay gaganti sa iyo. At kapag kayo ay mananalangin, huwag kayong maging tulad ng mga mapagkunwari, sapagkat iniibig nilang manalangin nang nakatayo sa mga sinagoga at sa mga likuang-daan, upang sila ay makita ng mga tao. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Tinanggap na nila ang kanilang gantimpala nang buo. Subalit ikaw, kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong pribadong silid, at isara mo ang iyong pintuan at manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim; at ang iyong Ama na nakakakita sa lihim ay gaganti sa iyo.
**Col. 3:3**—Sapagkat kayo ay namatay na, at ang inyong buhay ay natatagong kalakip ni Kristo sa Diyos.

---

## Ministeryo: Nananalangin Ayon sa Kalooban ng Diyos

Nasabi na natin na ang Diyos ay may kalooban para sa lahat ng bagay. Gayunpaman, hindi kumikilos ang Diyos nang nagsasarili; hindi Niya

Balik sa Unang Pahina

gagawin ang anumang bagay nang Siya lang. Bagaman ang Diyos ay may kalooban, nais Niyang tumugon sa Kanyang kalooban ang malayang kalooban sa lupa bago Siya gumawa ng anumang bagay. Kung mayroon lamang kalooban sa langit, hindi kikilos ang Diyos. Ang makalangit na pagkilos ay naisasakatuparan sa lupa tanging kapag ninanais ng lupa ang parehong bagay na ninanais ng langit. Ito ang tinatawag ngayon na ministeryo ng ekklesia…Ang ministeryo ng ekklesia ay ang dalhin sa lupa ang kalooban sa langit. Paano dinadala ng ekklesia ang kalooban sa langit dito sa lupa? Sa pamamagitan ng panalangin sa lupa. Ang panalangin ay hindi kasinliit at di-mahalaga na gaya ng inaakala ng iba.  Hindi ito isang bagay na maaaring balewalain. Ang panalangin ay isang gawain. Ang panalangin ay ang pagsasabi ng ekklesia sa Diyos, "Diyos, nais namin ang Iyong kalooban." Ang panalangin ay ang pagkilala ng ekklesia sa puso ng Diyos at pagbubukas ng bibig nito na hingin kung ano ang nasa puso ng Diyos. Kung hindi ito gagawin ng ekklesia, wala itong pakinabang sa lupa. (*The Prayer Ministry of the Church*, pp. 12-13)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-26 NA ARAW: PANALANGIN PARA SA PAGGULANG

2 PED. 1:5-11

Ipanalangin na ang mga banal ay lumago sa buhay tungo sa paggulang upang "sa ganitong paraan ang pagpasok sa walang hanggang kaharian ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu-Kristo ay mayaman at masaganang maitutustos" sa kanila (2 Ped. 1:5-11).

**2 Ped. 1:5-11**—At dahil din dito, nagdaragdag ng buong kasigasigan, magtustos kayo nang masagana sa inyong pananampalataya ng kagalingan; at sa kagalingan, ng kaalaman; at sa kaalaman, ng pagpipigil sa sarili; at sa pagpipigil sa sarili, ng pagtitiis; at sa pagtitiis, ng pagkamakadiyos; at sa pagkamakadiyos, ng pangkapatid na pag-ibig; at sa pangkapatid na pag-ibig, ng pag-ibig. Sapagkat ang mga bagay na ito, na umiiral sa inyo at nananagana, ay hindi kayo bubuuang maging mga tamad ni mga walang bunga tungo sa lubos na pagkakilala sa ating Panginoong Hesu-Kristo. Sapagkat ang wala ng mga bagay na ito ay bulag, ang nakikita lamang ay ang nasa malapit, nakalimutan ang

Balik sa Unang Pahina

paglilinis ng kanyang dating mga kasalanan. Kaya, mga kapatid, lalo ninyong pagsikapang patatagin ang inyong pagkatawag at pagkapili, sapagkat sa paggawa ninyo ng mga bagay na ito ay hindi kayo matitisod kailanman. Sapagkat sa ganitong paraan ang pagpasok sa walang hanggang kaharian ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu-Kristo ay mayaman at masaganang maitutustos sa inyo.

---

**Ministeryo: Nakikipagtulungan sa Diyos na Magtali at Magkalag**

Maraming gustong gawin ang Diyos sa lupa ngayon. Subalit dapat Niyang taglayin ang ekklesia na pumanig sa Kanya bago Niya maisakatuparan ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng ekklesia. Hindi kayang gawin ng Diyos ang ninanais Niya nang Siya lamang; kailangan Niyang gawin ito na may pakikipagtulungan ng ekklesia. Ang ekklesia ang pamamaraan na sa pamamagitan nito ay inihahayag ng Diyos and Kanyang sarili. Uulitin ko: ang ekklesia ay katulad ng tubig sa gripo. Kung ang gripo ay maliit, ang tubig na lalabas ay hindi marami…Tunay na nais gumawa ng Diyos

Balik sa Unang Pahina

sa langit, subalit kailangan Niyang maghintay na kumilos ang lupa bago Siya makagagawa. Napakaraming bagay ang nais talian ng Diyos sa langit, at napakaraming bagay ang nais na kalagan ng Diyos sa langit. Nais makita ng Diyos na natalian ang maraming tao at mga bagay na laban sa Kanya, at nais Niyang makita ang marami Niyang espiritwal, mahalaga, kapaki-pakinabang, at banal na bagay na nakalagan. Ang tanong ay kung may mga tao ba sa lupa na magtatali sa kung ano ang nais talian ng Diyos at kalagan ang kung ano ang nais kalagan ng Diyos. Nais Niya na lupa ang magkontrol sa langit. Nais ng Diyos na ekklesia ang magkontrol sa langit. (*The Prayer Ministry of the Church,* p. 14)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

# IKA-27 ARAW: PANALANGIN UPANG MALIGTAS MULA SA PAG-IBIG SA KASALUKUYANG KAPANAHUNAN

2 TIM. 4:10; GAWA 2:40; FIL. 2:15

Ipanalangin ang lahat ng banal, lalo na ang mga batang mananampalataya at mga baguhan, na huwag ibigin ang kasalukuyang kapanahunan kundi maligtas mula sa "likong henerasyong ito" at "maging walang dungis na mga anak ng Diyos sa gitna ng liko at masamang henerasyon, na sa gitna nila ay magliwanag [sila] bilang mga luminaryo sa sanlibutan" (2 Tim. 4:10; Gawa 2:40; Fil. 2:15).

**2 Tim. 4:10**—Sapagkat pinabayaan na ako ni Demas, palibhasa'y iniibig niya ang kasalukuyang kapanahunan, at pumunta sa Tesalonica; si Crescente ay sa Galacia; si Tito ay sa Dalmacia.
**Gawa 2:40**—At sa marami pang ibang salita ay taimtim siyang nagpatotoo at namanhik sa kanila na nagsasabi, Magpaligtas kayo mula sa likong henerasyong ito!
**Fil. 2:15**—Upang kayo ay maging walang kapin-tasan at walang daya, walang dungis na mga

Balik sa Unang Pahina

anak ng Diyos sa gitna ng liko at masamang henerasyon, na sa gitna nila ay magliwanag kayo bilang mga luminaryo sa sanlibutan.

---

## Ministeryo: Manalangin sa Ganitong Paraan (1)—“Ama...Pakabanalin ang Pangalan Mo”

“Pakabanalin ang pangalan Mo!” Inaasahan ng Diyos na mananalangin tayong lahat na mapabanal ng mga tao ang Kanyang pangalan. Ang Kanyang pangalan ay itinataas ng mga anghel. Subalit sa lupa, ang Kanyang pangalan ay ginagamit nang walang kabuluhan; ginagamit maging ng mga diyos-diyosan ang Kanyang pangalan. Kapag walang kabuluhang ginagamit ng isang tao ang pangalan ng Diyos, hindi ipinakikita ng Diyos ang Kanyang poot sa pagpapakidlat sa kanya. Ikinukubli Niya ang Kanyang sarili, na tila ba hindi Siya umiiral. Kapag walang kabuluhang ginamit ng isang tao ang Kanyang pangalan, wala Siyang anumang ginagawa upang tuusin siya. Subalit nais Niya na ang Kanyang mga anak ay manalangin, “Pakabanalin ang pangalan Mo.” Mga kapatid, kung iniibig ninyo ang Diyos at nakikilala ninyo Siya, nanaisin ninyong mapabanal ang Kanyang

pangalan. Kung walang kabuluhang gagamitin ng sinuman ang pangalan ng Diyos, masasaktan ka, mas sisidhi ang iyong naisin, at higit ka pang marubdob na mananalangin: "Pakabanalin ang pangalan Mo." Isang araw pababanalin ng tao ang pangalang ito at hindi na niya gagamitin nang walang kabuluhan ang pangalang ito. (*The Prayer Ministry of the Church*, p. 32).

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

# IKA-28 ARAW: PANALANGIN PARA SA PAGHAHANDA NG KASINTAHANG BABAE

MAT. 24:40-47; APOC. 21:2; 19:7-9

Ipanalangin na ang mga banal ay maging mapagbantay at masiyasip at maranasan ang lahat ng kinakailangan upang “maihanda bilang isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawang lalaki” at “maanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero” (Mat. 24:40-47; Apoc. 21:2; 19:7-9).

**Mat. 24:40-42**— Sa panahong iyon, dalawang lalaki ang nasa bukid; ang isa ay kukunin, at ang isa ay iiwan. Dalawang babae ang maggigiling sa gilingan; ang isa ay kukunin, at ang isa ay iiwan. Kaya't magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam kung anong araw darating ang inyong Panginoon.

**Mat. 24:45-47**—Sino nga ba ang tapat at masiyasip na alipin, na itinalaga ng panginoon sa kanyang sambahayan upang magbigay sa kanila ng pagkain sa tamang panahon? Pinagpala ang aliping iyon na sa pagdating ng kanyang panginoon ay masusumpungan siyang gayon

Balik sa Unang Pahina

ang ginagawa. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na siya ay pamamahalain niya sa lahat ng kanyang ari-arian.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 19:7, 9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at inihanda na ng Kanyang asawa ang kanyang sarili…At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

---

## Ministeryo: **Manalangin sa Ganitong Paraan (2)—"Dumating ang Iyong Kaharian:**

"Dumating ang Iyong kaharian!" Hindi lamang ito naisin ng ekklesia, bagkus responsabilidad din ng ekklesia. Dapat ipasok ng ekklesia ang kaharian ng Diyos. Upang maipasok ang kaharian ng Diyos, dapat magbayad ng halaga ang ekklesia na malimitahan ng langit at pumasailalim ng pamumuno ng langit. Dapat

Balik sa Unang Pahina

itong maging labasan ng langit, at dapat nitong hayaan na ang awtoridad ng langit ay mahayag sa lupa. Upang maipasok ang kaharian ng Diyos, dapat malaman ng ekklesia ang lahat ng balak ni Satanas (2 Cor. 2:11). Dapat nitong isuot ang buong kutamaya ng Diyos at makatayo laban sa mga pakana ng diyablo (Efe. 6:11), sapagkat kung saan naroon ang kaharian ng Diyos, ang diyablo ay napalalayas. Kapag ang kaharian ng Diyos ay lubusang makapamumuno sa lupa, si Satanas ay itatapon sa abismo (Apoc. 20:1-3). Yamang may gayong kalaking responsabilidad ang ekklesia, gagawin ni Satanas ang lahat ng kanyang makakaya upang salakayin ang ekklesia. Makapanalangin nawa ang ekklesia gaya ng mga banal noong unang panahon, "Iyuko Mo ang Iyong kalangitan, O Jehovah, at Ikaw ay pumanaog" (Awit 144:5). O, buksan Mo sana ang kalangitan at Ikaw ay bumaba" (Isa. 64:1). Kasabay nito, dapat nitong sabihin kay Satanas, "Lumayo kayo kaagad sa lupa, at magtungo sa apoy na walang hanggan na inihanda para sa inyo." (cf. Mat. 25:41).

(*The Prayer Ministry of the Church,* pp. 34-35)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

# IKA-29 NA ARAW: PANALANGIN PARA SA ISANG BAGONG PAGPAPANAULI

1 TIM. 1:3-4; GAL. 2:20; FIL. 1:21A; JUAN 21:15-17; 1 COR. 12:24; COL. 3:10-11

Ipanalangin na ang pagbabawi ng Panginoon ay makaranas ng isang bagong pagpapanauli, isang pagpapanauli na hindi pa kailanman nangyari sa kasaysayan, na siyang magiging kinalabasan ng ating matagumpay na pagsasagawa ng mga mataas na rurok na pahayag ng ekonomiya ng Diyos, kasama ang Diyos-taong pamumuhay, ang pansansinukob na pagpapastol, at ang paghahalo para sa realidad ng Katawan ni Kristo at ng isang bagong tao (1 Tim. 1:3-4; Gal. 2:20; Fil. 1:21a; Juan 21: 15-17; 1 Cor. 12:24; Col. 3:10-11).

**1 Tim. 1:3-4**—Kung paanong hinikayat kitang manatili sa Efeso nang ako ay papuntang Macedonia, upang maatasan mo ang ilan na huwag magturo ng ibang mga bagay ni magbigay-pansin sa mga kathang-isip at walang katapusang talaangkanan, na nagbubunga ng mga pagtatanong sa halip na sa ekonomiya ng Diyos, na nasa pananampalataya.

[Balik sa Unang Pahina]

**Gal. 2:20**—Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

**Fil. 1:21a**—Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo,

**Juan 21:15-17**—Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa

Balik sa Unang Pahina

kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.

**1 Cor. 12:24**—Ngunit ang ating magagandang sangkap ay walang kailangan. Subalit pinaghalo ng Diyos ang katawan, binibigyan ng higit na saganang karangalan ang sangkap na may kakulangan,

**Col. 3:10-11**—At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya, doon ay walang Griyego at Hudyo, pagtutuli at di-pagtutuli, barbaro, Scita, alipin, malaya, kundi si Kristo ang lahat at nasa lahat.

---

## Ministeryo: Manalangin sa Ganitong Paraan (3)—"Mangyari ang Kalooban Mo"

Maraming tao ang may maling konsepto na ang dahilan kung bakit nananalangin ang tao sa Diyos ay ang simulan ang isang bagay at hingin sa Diyos na gumawa. Subalit ipinakikita sa atin ng Biblia na may kalooban muna ang Diyos at nais Niyang gumawa ng isang bagay, kasunod ay ipinakikita Niya sa atin ang Kanyang kalooban, at pagkatapos ay binibigkas ng ating bibig ang kaloobang naunawaan natin. Ito ang panalangin.

*Balik sa Unang Pahina*

Tinuruan tayo ng Panginoon na manalangin. Gusto mismo ng Diyos na mapabanal ang Kanyang pangalan. Gusto mismo ng Diyos na dumating ang Kanyang kaharian, at gusto mismo ng Diyos na ang Kanyang kalooban ay mangyari sa lupa. Gayunpaman, hindi gagawin ng Diyos ang mga bagay na ito nang nag-iisa. Naghihintay Siya sa ekklesia na manalangin. Kung mananalangin ka, mananalangin ako, at mananalangin ang lahat ng anak ng Diyos at kung ang mga panalangin ay sapat ang dami, ang Kanyang pangalan ay mapababanal, ang Kanyang kaharian ay darating, at ang Kanyang kalooban ay mangyayari sa lupa kung paano sa langit. Dapat matuto ang mga anak ng Diyos na manalangin ng ganitong uri ng panalangin…Bagaman ang sukdulang katuparan na mapabanal ang Kanyang pangalan, dumating ang Kanyang kaharian, at mangyari ang Kanyang kalooban sa lupa ay magaganap sa milenyo, ang tamang panahon para dito, kung mapapaaga ito o maaantala, ay nakasalalay sa panalangin ng Kanyang mga anak. (*The Prayer Ministry of the Church*, pp. 36-37)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*

Balik sa Unang Pahina

# IKA-30 ARAW: PANALANGIN PARA SA PAGBABALIK NG PANGINOON

FIL. 3:20; 2 TIM. 4:8; TITO 2:13; APOC. 22:20

Ipanalangin na ang Panginoong Hesus ay dumating kaagad (Fil. 3:20; 2 Tim. 4:8; Tito 2:13; Apoc. 22:20).

**Fil. 3:20**—Sapagkat ang ating pagkamamamayan ay nasa kalangitan, na mula rin doon ay sabik nating hinihintay ang isang Tagapagligtas, ang Panginoong Hesu-Kristo.
**2 Tim. 4:8**—Kaya't mula ngayon ay nakalaan sa akin ang korona ng katuwiran, na sa araw na iyon ay igagawad sa akin ng Panginoon, ang matuwid na Hukom, at hindi lamang sa akin bagkus sa lahat din ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita.
**Tito 2:13**—Na naghihintay sa pinagpalang pag-asa, maging sa pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas, si Hesu-Kristo.
**Apoc. 22:20**—Siya na nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo, Malapit na Akong dumating. Amen. Dumating Ka, Panginoong Hesus!

---

Balik sa Unang Pahina

## Ministeryo: Nagtitiyaga sa Pananalangin

Ayon sa salita ni Pablo sa [Colosas] 4:2, ang bagay na humihiling ng ating pagtitiyaga ay panalangin. Kailangan nating magtiyaga sa panalangin sapagkat ang panalangin ay kinapapalooban ng labanan, isang pakikipagbaka. Dalawang panig, ang Diyos at si Satanas, ang salungat sa isa't isa. Ang kahulugan ng pangalang Satanas ay katunggali. Si Satanas ay kapwa kaaway sa labas at katunggali sa loob. Sa isang banda, siya ang kaaway na nagsisikap talunin ang Diyos; sa kabilang banda, siya ang katunggali sa loob ng kinasasaklawan ng Diyos na naghahangad makapinsala. Bilang katunggali, sinasalungat ni Satanas ang Diyos mula sa loob ng kinasasaklawan ng Diyos, ang kaharian ng Diyos…Bagaman may labanan sa sansinukob sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, isa pang panig ang kasama. Ang ikatlong panig ay kinabibilangan ng pinili at tinubos na bayan ng Diyos, ang mga yaong talagang magpapasya ng kalalabasan ng labanan. Kung papanig tayo kay Satanas, matatalo ang Diyos, kahit na makapangyarihan Siya sa lahat…Sa katunayan, kailangan tayo ng Diyos. Kung wala tayo, hindi

Siya magkakaroon ng daan na makipaglaban kay Satanas. Kailangan Niyang panatilihin ang Kanyang katayuan bilang Manlilikha. Sa kadahilanang ito, kailangan Niya tayo upang maipagpatuloy ang aktuwal na gawain ng pakikidigma…Upang mapasapanig ng Diyos sa pakikipaglaban kay Satanas, kailangan nating magtiyaga sa panalangin. (*Life-study of Colossians*, pp. 577-578)

*Isinalin na may pahintulot ng Living Stream Ministry.*